# PAMAHALAANG BAYAN NG TAYTAY
TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

**BAHAGI NG KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG TAYTAY NOONG IKA-25 NG SETYEMBRE, 2008 SA BULWAGAN KAPULUNGAN NG GUSALING PAMBAYAN NG TAYTAY, LALAWIGAN NG RIZAL**

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Janet DL. Mercado | - | Tagapamatnugot/Pang. Punong Bayan |
| Kgg. Sharon DL. Macabebe | - | Konsehal |
| Kgg. Arturo R. Valle | - | " |
| Kgg. Reggie Lynn G. Mascardo | - | " |
| Kgg. Trece S. Cayton | - | " |
| Kgg. Anastacio V. Alcantara | - | " |
| Kgg. Dianne Eliza G. Esguerra | - | " |
| Kgg. Glenviano G. Valera | - | " |
| Kgg. Chito J. Esguerra | - | Pangulo Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Jean Antonette M. Bermillo | - | Pangulo Liga ng Sangguniang Kabataan |

DI-DUMALO:

Kgg. Joselito T. Calderon - Konsehal (Sick Leave)

---

Iniakda ni: Pang. Punong Bayan Kgg. Janet DL. Mercado
Kon. Joselito T. Calderon

Isponsor ni: Kon. Reggie Lynn G. Mascardo

Kasamang Isponsor: Lahat ng Dumalong Miyembro ng Sangguniang Bayan

---

## KAPASIYAHAN BILANG 134

**HUMIHILING SA ATING MAHAL NA KGG. CASIMIRO "JUN-JUN" YNARES III, GOBERNADOR-LALAWIGAN NG RIZAL NA PAGLAANAN NG KAUKULANG PONDO ANG PAGTATAYO NG BAGONG GUSALI NG STA. ANA ELEMENTARY SCHOOL (RODRIGUEZ BUILDING) NA NATUPOK NG SUNOG NUONG IKA-15 NG SETYEMBRE,TAONG KASALUKUYAN**

SAPAGKAT, ang paaralan ang siyang itinuturing nating pangalawang tahanan na siyang humuhubog sa murang kaisipan ng ating kabataan upang maging matatag at makamit ang sapat/wastong karunungan ng ating mga mag-aaral;

SAPAGKAT, ang ating mga munting mag-aaral ng Sta. Ana Elementary ay mayroong daglian na pangangailangan upang maisaayos ang gusaling natupok ng sunog nuong Setyembre 15, taong kasalukuyang;

SAPAGKAT, ang higit na dapat pagtuunan ng sapat na pansin ng ating pamahalaan ang mataas nitong pagpapahalaga sa edukasyon ng ating mga kabataan ay;

LUBUSANG PINAGPASYAHAN, kagaya ng lubusang pagpapasiya ang humiling sa ating mahal na Kgg. Casimiro "Jun-Jun" Ynares III, Gobernador-Lalawigan ng Rizal na paglaanan ng kaukulang pondo pagpapatayo ng bagong gusali ng Sta Ana Elementary School (Rodriguez Building) na natupok ng sunog nuong ika-15 Setyembre, taong kasalukuyang.

PINAGPASYAHAN, na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa kinauukulan para sa kanilang kabatiran.

PINAGTIBAY NG LUBUSAN, ngayong ika-25 ng Setyembre taong 2008 dito sa Bulwagang Kapulungan Bayan ng Taytay Lalawigan ng Rizal.

**NOLI G. DEL ROSARIO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATOTOHANAN BILANG PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA:

**KGG. JANET DE LEON MERCADO**
Pangalawang Punong Bayan
Tagapamatnugot

PINAGTIBAY:

**KGG. GEORGE RICARDO R. GACULA II**
Punong Bayan